

- Co, Antonio P., *Philosophy of Ancient China* (Manila: UST Printing Office, 1992).
- Green, Michael, *Theories of Human Development* (New Jersey: Prentice-Hall, Inc., 1989).
- Hsu, Francis L.K., *Under the Ancestors' Shadow: Chinese Culture and Personality* (London: Routledge and Kegan Paul, Ltd., 1949).
- Koa, Fannie Tan, "Tsinoy in Taiwan: No Painful Memories," *Tulay* (May 1, 1995), p. 13.
- Medina, Belen, *The Filipino Family* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1991).
- Ramirez, Mina M., *Understanding Philippine Social Realities through the Filipino Family: A Phenomenological Approach* (Manila: Asian Social Institute Printing Press, 1984).
- Te, Melchor C., "OCW in Taiwan: Tale of Joy and Triumph," *Tulay* (May 1, 1995), p. 10.

Joaquin Sy

Kaisa Para Sa Kaunlaran, Inc.

ISANG LUMANG LARAWAN

Kapag napag-uusapan ang ugnayan ng mga mamamayan ng Pilipinas at Tsina, ang larawang agad nabubuo'y ang larawan ng mga *sampan* o barkong pangalakal na nagtungo dito mula sa Tsina, puno ng mga seda at porselana at iba pang produktong Tsino, at sa pagbabalik ay naglululan naman ng mga produkto mula sa kapuluan.

Madalas ding gawing kongkretong halimbawa ng malapit na ugnayang Pilipino-Tsino ang pagdalaw sa Tsina ng delegasyong pinamunuan ni Sultan Paduka Batara ng Sulu noong 1417. Palibhasa'y romantiko at maalamat, paboritong pag-usapan ng mga mahiligin sa kasaysayan ang kuwento hinggil sa kung papaanong ang sultan ay nagkasakit at nasawi sa panahaon ng pagbibisita sa Tsina, kung kaya naman inilibing na lamang siya sa lupain ng maalamat na dragon at minabuti rin ng dalawa niyang anak na manatili sa banyagang lupain upang bantayan ang libingan ng ama. Sinasabi na hanggang ngayoy nasa Tsina pa ang ilang inapo ng sultan.

Bukod sa mga nabanggit sa itaas, kahit paano'y nababanggit din bilang kongkretong halimbawa ng ugnayan ng mga mamamayan ng dalawang bansa ang pagtutulungan ng mga rebolusyonaryong Pilipino at Tsino sa pagpapalit ng siglo. Kahit paano'y naisasama sa ilang libro ng kasaysayan ang larawan nina Dr. Sun Yat Sen at ang kinatawan ng mga Pilipinong rebolusyonaryo sa Hapon na si Mariano Ponce. Sa larawan ay nakaupo at nakasuot ng Amerikana si Sun, na siyang lider ng mga Tsinong rebolusyonaryo, samantalang nakatayo at nakasuot naman ng kimono si Ponce.

Pero di gaya ng ugnayang pangkomersiyo ng dalawang bansa na karaniwang pinag-uusapan at pinagtutuunan ng pansin, at ng maalamat na pagdalaw ng sultan sa Tsina na ginawa pang pelikula, maliban sa manaka-nakang paglalathala sa larawan nina Sun at Ponce na kapwa bigotilyo ay lubhang limitado ang naging pagtalakay sa mga popular na libro ng kasaysayan hinggil sa ugnayan at pagtutulungan ng mga rebolusyonaryong Pilipino at Tsino, kung kaya naman limitado rin ang ating kaalaman hinggil dito.

Dahil dito'y labis-labis ang ating katuwaan nang ang ating samahan ay maimbitang gumawa at maglahad ng pag-aaral hinggil sa paksang ito kaugnay ng pandaigdigang kumperesiyang idinaos sa Manila Hotel noong ika-21 hanggang ika-23 ng Agosoto, 1996 bilang bahagi ng paggunita at pagdiriwang sa sentenaryo ng rebolusyong Pilipino ng 1896.

Sa pag-aaral na pinagtulangang isagawa at sulatin ng mga kasama nating sina Teresita Ang See at Go Bon Juan, bagama't ang malaking bahagi ay itinuon sa mahalagang tulong at suportang ipinagkaloob ng mga etnikong Tsino sa Pilipinas sa pakikibaka laban sa mga mananakop na Kastila at Amerikano, ang huling bahagi'y iniukol sa pagtutulungan ng mga rebolusyong Pilipino at Tsino (sa Tsina) sa paghahangad ng kasarinlan.

Bukod sa napakayamang mga datos at tala na matatagpuan sa mga aklatan, na nagpapakita sa lawak at saklaw ng tulong at suporta ng mga Tsino sa Pilipinas sa hukbong rebolusyong, ginawang pangunahing batis ng pag-aaral ang may kahabaang artikulo sa wikang Tsino na sinulat ng historyador ng Unibersidad ng Beijing na si Propesor Zhou Nanjing.

Sa pamamagitan ng pagsipi mula sa mga batis na Tsino at Hapones, ipinakita ni Zhou kung gaano kalapit ang naging ugnayan at pagtutulungan ng mga rebolusyong Pilipino at Tsino tungo sa pagtatamo ng kasarinlan, at kasabay nito'y naipakita na rin kung gaano kalapit ang ugnayan ng dalawang bansa.

Bilang munting ambag natin sa pag-aaral hinggil sa paksang ito, at parang susog na rin natin sa pag-aaral na isinagawa ng dalawa nating kasama, dito'y nais nating ibahagi ang buod ng artikulo ni Propesor Zhou na pinamagatang "Ang pakikibaka ng Pilipinas para sa kasarinlan at ang mamamayang Pilipino."

Una'y tinukoy ng propesor na Tsino na dahil sa istratehikong lokasyon nito sa Dagat Pasipiko, ang Pilipinas ay natural na hinangad ng mga kolonyalista't imperyalista upang gawing base sa pagsakop sa Tsina, na noo'y tinitignan ng mga bansang kanluranin bilang katakam-takam at makatas na pakwan. Ang kapalaran ng Pilipinas at Tsina, kung gayon, ay pinagkawing ng tadhana. At mahalagang banggitin na sa panahong nagsisikap ang mga Pilipino na makaalpas mula sa mga kuko ng mga mananakop na Kastila't Amerikano, ang Tsina nama'y pinaghahatian ng mga bansang kanluraning kinabibilangan ng Estados Unidos, at ang mamamayang Tsino ay nagsasagawa ng malawakang pag-aalsa at paghihimagsik.

Kung gayo'y hindi kataka-takang nagkaroon ng interes at malasakit ang mga repormista at rebolusyong Pilipino sa mga nangyayari sa Pilipinas. Kaugnay nito, tinalakay ng lider ng kilusang repormista sa Tsina na si Liang Chi Chao ang magiging epekto ng digmaang Pilipino-Amerikano sa kalagayan ng Tsina. Isinulat niya na kung magwawagi ang mga Amerikano, mapapasakamay ng Estados Unidos ang kontrol sa Dagat Pasipiko at mga bansa sa paligid nito, kabilang na ang Tsina, at siyempre pa'y mapapadali ang pagkakahati-hati ng Tsina, gaya nga ng pakwan, sa kamay ng mga bansang kanluraning naghahangad dito. Tumpak na tinukoy rin ni Liang na kung magwawagi ang mga Pilipino, tiyak na makatutulong ito nang malaki sa kasarinlan ng Tsina.

Sa kabila ng katotohanang ito, pinili ng pamahalaang Manchu sa Tsina na magbingi-bingihan nang tanggapin nito ang liham mula sa bagong tatag na Republika ng Pilipinas noong Enero 1899, na humihingi ng opisyal na pagkilala sa bagong republika.

Sabihin pa'y kabaligtaran ng sa pamahalaang Manchu ang posisyon ng mga repormista at rebolusyong Pilipino. Ang mga repormistang pinamunuan ni Liang Chi Chao at ang mga rebolusyong Pilipino pinamunuan ni Sun Yat Sen ay pawang nakisimpatiya at sumuporta sa kasarinlan ng Pilipinas. Manapa'y maaaring sabihin na sadyang inasam nila ang maagang pagwawagi ng mga rebolusyong Pilipino dahil nga sa mahigpit na kaugnayan nito sa pakikibaka ng mga Tsino laban sa mga mananakop.

Isinulat ni Liang:

Sa pagpapalayas sa mga Kastila at pakikipaglapan sa mga Amerikano, ang Pilipinas ang siyang taliba ng pakikibaka para sa kasarinlan dito sa Asya. Sila ay nauna pa sa lahing dilaw sa pagtataguyod sa karapatan ng mamamayan. Ang tagumpay ng Pilipinas ay parang paghihiganti na rin para sa lahing dilaw, at tiyak na magtatanim ng takot sa puso ng mga puti. Ang pangulo nila sa ngayon ay may kaugnayan sa Tsina (ang lola ni Aguinaldo sa panig ng ina ay isang Tsina). Marami sa kanyang mga heneral ang may dugong Tsino. Inasam natin ang kasarinlan ng Pilipinas dahil malaki ang magiging epekto nito sa Tsina. Kung magwawagi ang Pilipinas, makatutulong ito sa pagsasarili ng Tsina.

Sa kabilang dako, mas tuwiran at higit pa sa pakikiisa sa damdamin lamang ang ginawang pagsuporta ng mga Tsinong rebolusyong sa mga kapanalig na Pilipino. Noong Hunyo 1898, nang magkita sa Yokohama si Sun Yan Set at ang kinatawan ng Pilipinas sa Hapon na si Mariano Ponce, hiniling ni Ponce ang tulong ni Sun sa pagbili ng mga armas. Agad namang pumayag si Sun na bumili ng dalawang barko ng mga sandata para sa mga Pilipino. Sa kasamaang palad, ang unang barkong kinargahan ng mga armas noong Hulyo 1899 ay lumubog sa karagatang malapit sa lalawigan ng Zhejiang sa Tsina. Ang ikalawang barko naman, na kinargahan ng mga armas noong Enero 1900, ay hindi nakaalis sa Hapon dahil sa pagpigil ng pamahalaang Hapon at Estados Unidos.

Pero may ibang pagpapaliwanag hinggil dito sa aklat na *Hong Kong Junta* ni Silvino V. Epistola, ang papel na sinulat niya para sa kursong gradwado ni Propesor Teodoro Agoncillo ukol sa Rebolusyong Pilipino. (Unang nalathala sa *Philippine Social Sciences and Humanities Review* noong Marso 1961, ang papel ay inilimbag ng University of the Philippines Press noong nakaraang taon sa anyong libro bilang bahagi ng pagdiriwang sa sentenaryo ng rebolusyong naghudyat sa pakikibaka ng mga Pilipino tungo sa lubos na kasarinlan.)

Ayon kay Epistola, pagkatapos na lumubog ang unang barko ng armas ay hindi nasiraan ng loob ang mga Pilipino. Muli'y naglaan ng malaking halaga si Aguinaldo para bumili ng mga sandata sa Hapon. At dahil noo'y nakabalik na sa Hong Kong (na siyang lunan ng pamahalaang rebolusyong itinatag nina Aguinaldo sa labas ng Pilipinas) sina Ponce at Lichauco, si Sun Yat Sen mismo

ang namili ng armas sa Yokohama. Ang barkong pinaglulanan ng mga armas na pinamili ni Sun ay umalis sa Hapon noong Enero 1900, nguni't dahil sa pagharang ng mga Amerikano, ang mga sandata ay hindi nakarating sa Pilipinas. Ang mga baril, bala, at kanyon ay pansamantalang ibinaba sa Formosa (ngayo'y Taiwan) upang maipuslit sa Pilipinas sa tamang pagkakataon.

Nguni't hindi dumating ang hinihintay na pagkakataon. Sa gayo'y hiniling ni Sun Yat Sen sa mga lider Pilipinong nasa Hong Kong na ang mga armas ay ipahiram muna sa mga rebolusyonaryong Tsino, na noo'y nakikibaka rin sa mga Amerikano at iba pang bansang imperyalista upang matamo ang minimithing kalayaan.

Sa kabila ng napakahigpit na pangangailangan sa armas, hindi nagdamot ang mga Pilipino at pumayag sa kahilingan ni Sun. Sa gayon, ang mga armas ay inalis sa Formosa at dinala sa Tsina upang magamit ng mga rebolusyonaryong Tsino. Ang mga armas ay hindi na naisauli o nabayaran kaya hanggang sa ang puwersa ng mga rebolusyonaryong Pilipino ay tuluyang nadurog at nagapi ng mga Amerikano, na siya ngang humalili sa mga Kastila bilang mga mananakop sa Pilipinas.

Kaya naman ngayo'y alam na natin hindi lang ang tulong at suporta ng mga etnikong Tsino sa rebolusyong Pilipino, alam na rin natin kung papaanong may isang panahaon sa kasaysayan, ang mga rebolusyonaryo ng isang maliit na bansa ay hindi nagkaiit ng tulong sa mga mamamayan ng isang malaking bansa, na kapwa bansang Asyano at kapwa naghahangad ng kalayaan.

Hindi ba't ito'y malinaw na kaso ng utang na mahirap bayaran? At kung iisipin na ang nasabing utang ay sandaang taon na, kahit siguro ipaubaya na lang ng Tsina sa Pilipinas ang Scarborough Shoal at iba pang maliliit na pulo at malalaking batong nasa paligid nito ay kulang pang pambayad sa utang, kahit sa interes lang!

Bukod sa pagtulong sa mga Pilipino sa pagbili ng armas, pumayag din si Sun sa hiling ni Ponce na ipadala sa Pilipinas ang ilang kasapi ng samahang rebolusyonaryo ng Tsina upang tulungan ang mga Pilipino sa pakikidigma sa mga hukbong Amerikano. Nagkasundo rin sila na kapag natamo na ng Pilipinas ang tagumpay, ang mga Pilipino naman ang tutulong sa mga Tsino sa pagpapatalsik sa mga mananakop.

Nang magapi ang mga Pilipino, nagbago ng istrategiya si Sun. Ipinasya niyang isulong muna ang rebolusyon ng Tsina, at pag sila'y nagtagumpay na, saka naman tutulungan ang mga Pilipino sa pagtatamo ng kalayaan.

Dito'y hindi maaring hindi natin ibahagi ang isang madulang sipi mula sa artikulo ni Propesor Zhou na nagpapakita kung gaano kalapit ang naging ugnayan ng mga rebolusyonaryong Pilipino at Tsino. Nang lumubog ang barkong kinargahan ng mga armas na binili ni Sun Yat Sen para sa mga Pilipino, labis-labis ang pagkasiphayo ng kinatawan ng mga Pilipino sa Hong Kong na si Galiciano Apacible kung kaya't tinangka niyang magpakamatay. Sa gayo'y ipinayo sa kanya ng rebolusyonaryong Tsining si Chen Shao Bai: "Ang pinangangambahan ng mga rebolusyonaryo ay hindi ang paghihirap at kasawiang-palad, kundi ang

tuluyang pagkagapi at tuluyang paglalaho ng araw ng tagumpay. Ano't nawawalan ka ng pag-asa nang dahil lamang sa maliit na kabiguan. Sa kagustuhang mamatay, ang hinahangad mo lamang ay ang iyong sariling katahimikan, at kinalimutan mo na ang lahat-lahat. Lahat ng tao'y namamatay, nguni't ang kamataya'y maaring maging simbigat ng Bundok Tai o singgaan ng balahibo ng gansa. Hinahangad mong mamatay gayong hindi mo kailangang mamatay. Paano na ang libu-libong kababayan mong sumasagupa sa bala't kanyon? Ang iyong buhay ay tuwirang nakaugnay sa kaligtasan ng iyong bayan. Huwag mo itong balewalain. Pakaingatan mo ito alang-alang sa iyong bayan."

Pagkarinig sa payo ng Tsining rebolusyonaryo, muling nabuhayan ng loob si Apacible. Muli'y pinangunahan niya ang mga makabayang Pilipino sa Hong Kong sa pagpapalano kung papaano patuloy na makatulong sa rebolusyong Pilipino.

Kung dramatiko ang siniping pangungusap sa itaas ay napagpapasigla naman ng damdamin ang mga sumusunod na sipi, na nagpapakita hindi lang ng pakikiisa at pagsuporta kundi maging ng matinding paghanga ng mga Tsino sa mga Pilipinong rebolusyonaryo.

Isinulat ng Tsining rebolusyonaryong si Au Ji Jia sa kanyang artikulong "Ang pagsasarili ng Pilipinas:"

Kayraming maaring matutunan ang mga Tsino mula sa mga Pilipino. Ang Pilipinas ay isang maliit na bansa, nguni't naghahangad ng kalayaan at nakikibaka sa mga Amerikano. Ang Tsina ay isang malaking bansa kung kaya kailangang maghangad din ng kasarinlan, huwag mangamba sa kamatayan at huwag matakot sa mga dayuhan... Nguni't, ang Tsina ay malaking bansang takot sa maliit, samantalang ang Pilipinas ay maliit na bansang nakikibaka sa malaki. Tunay na langit at lupa ang kanilang pagkakaiba. Ito'y dapat nating ikabahala nang labis-labis. Dapat tayong magsumigasig at sila'y tularan.

Nanawagan si Au sa mamamayang Tsino na gawing huwaran ang mga Pilipino sa paghahangad ng kasarinlan at kalayaan.

Sa kanya namang artikulong "Ang Limang Kawalan," iniulat ng rebolusyonaryong Tsining si Zhang Bing-lin:

Ang buhong na si McKinley (ang pangulo ng Estados Unidos) ay gumagamit ng mapalinlang na taktika. Siya'y nagkukunwang tumutulong, gayong ang tunay na layunin niya'y magpalawak ng teritoryo. Ang ganitong gawai'y karapat-dapat kondenahin at mahirap patawarin.

Matinding binatikos ni Zhang ang kahiya-hiyang layunin ng Estados Unidos, na nagkukunwang tumutulong sa Pilipinas gayong lihim na naglalayong sakupin ito.

Sa ikasiyam na isyu nito na lumabas noong Oktubre ng 1906, ang pahayagang *Min Pao* (Pahayagan ng Mamamayan) na inilimbag ng mga rebolusyonaryong Tsino sa Hapon ay naglathala ng larawan ni Heneral Emilio Aguinaldo, ang pangulo ng Republika ng Pilipinas.

Sa ikawalong isyu naman ng 1902, ang *Xin Min Cong Pao* (*Pahayagan ng Bagong Mamamayan*), na inilimbag sa Yokohama, ay nagtanghal kay Heneral Aguinaldo bilang "dakilang tao ng kasalukuyang panahon."

At tignan pa ang sinulat na ito ni Liang Chi Chao:

Ang Pilipinas ay dalawang beses nang nakipagdigma sa mga puti. Hindi sila sumusuko sa kabila ng napakaraming paghihirap.

At kasunod nito'y ipinahayag niya ang marahil ay siya nang pinakamataas na pagpupugay na maaring ibigay ng isang lahi para sa isa pang lahi:

Ako'y humaharap sa dakong timog nang nakadapa at nakasayad sa lupa ang mga kamay at paa, pati na ang ulo, at labis-labis na nagpupugay sa kanila. (Nasa dakong timog ng Tsina ang Pilipinas).

Diyata't may isang panahong hinangaan at tiningala ng mga Tsinong repormista at rebolusyonaryo ang lahing kayumanggi! Pagkabasa sa mga siniping pangungusap, di natin napigil na makadama ng labis na pagmamalaki.

Sa kasamaang-palad, walang nagawa ang kagitingan ng mga Pilipino sa harap ng bagong sibol na bansang imperyalista, at sa pananaig ng mga bagong mananakop, maraming Pilipinong rebolusyonaryo ang tumakas patungong Hong Kong, Xiamen, at Shanghai. Maging ang makabayang mandudulang si Juan Abad ay napilitang magtungo sa Xiamen noong 1928, kung saan pumanaw siya pagkalipas ng dalawang taon.

Samantala, nanatili sa Hapon si Mariano Ponce at madalas pa ring makipag-ugnayan kay Sun Yat Sen. Nang lumipat siya sa Saigon noong 1905, di pa rin siya nakakaligtaang dalawin ni Sun sa tuwing nagagawi sa naturang siyudad ang Tsinong lider ng rebolusyonaryo.

Ngayon, pagkabasa sa artikulo ni Zhou, ang larawang manaka-nakang nakikita natin noon sa mga libro ng kasaysayan, ang larawan ng dalawang bigotilyo, isang nakaupo't naka-Amerikano at isang nakatayo't naka-kimono, ay nagkaroon ng kakaibang kahulugan para sa atin. Ito'y hindi na isang luma at kupasing larawan lamang. Ito'y isa nang matibay na simbolo ng dalawang lahing minsan ding pinagbuklod ng iisang hangarin.

Maria Teresa Diokno-Pascual
Philippine-China Development Resource Center

Summary of Panel Discussions **RESEARCH AGENDA ON THE ETHNIC CHINESE**

There were three panelists — Prof. Benito Lim, Dr. Federico V. Magdalena and Prof. Teresita Ang See — who presented their inputs on research topics that could be undertaken. An open forum followed the presentation and more ideas were given.

- ↳ Develop a database on the ethnic Chinese and on Chinese studies, including the structure and the method of storing and retrieving this database. The database should include materials written in Chinese and Japanese, and a group of translators should be accessible to assist the researchers who do not have the facility in the languages. The database should also include archaeological finds of Chinese pottery and stoneware in the Philippines. A tie-up with existing databases in other research institutes and libraries should be established. The Kaisa Heritage Center, which houses the research and databank and the Chinben See Memorial Library, is one such institution. The Center now has 8,000 titles of books in its database. It also has a data of inscriptions on Chinese tombstones taken from all over the Philippines. The research center has also started a microfilm archive of research materials like old newspapers and news clippings from the Federation of Chinese Chambers of Commerce and Industry.
- ↳ Develop survey methodologies to update survey studies done in the 60s and early 70s. Such studies should be expanded to include other ethnic groups as well — for comparison purposes and for a better analysis and understanding of Chineseness.
- ↳ Use contemporary social science methods in our Chinese studies to help understand the changes taking place in Chinese schools, the waning interest in